# Paano nga ba dinadakila ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga rebolusyonaryong martir?

Higit pa sa mga salita ng pagdakila, pagpupugay at parangal, ang kapasyahan ng mga Kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong pwersa at masa na ipagpatuloy ang rebolusyonaryong adhikain ng mga kasamang martir. Balon ng inspirasyon ng mga pwersa ng rebolusyonaryong kilusan ang kanilang kabayanihan at kagitingan. Isinasabuhay ang kanilang mga alaala, mga turo at payo, mga karanasan, at ang kanilang ultimong pag-aalay ng buhay sa paglilingkod sa sambayanang Pilipino.




Bilang patakarang pang-organisasyon, tinitiyak ng Partido na isa-dokumento ang lahat ng rebolusyonaryong martir, anuman o paano man sila nasawi o nag-alay ng buhay.

Una, para maibigay sa kanila ang kataas-taasang pagpupugay at pagdakila bilang bayani ng bayan.

Pangalawa, para matiyak na ang kanilang kabayanihan ay hindi malilimot sa kasaysayan hanggang sa tagumpay ng digmang bayan.

Pangatlo, para maibigay ang kaukulang suporta sa kanilang mga naiwan.

Pang-apat, para maibigay sa kanilang mga dependyente (anak o magulang) ang karampatang serbisyo at pribilehiyong nauukol sa pamilya ng mga rebolusyonaryong martir sa panahon ng tagumpay.

Tungkulin ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) na "Tulungan ang pamilya ng mga mandirigma ng BHB at rebolusyonaryong martir at tiyakin na nakikinabang sila sa mga tagumpay ng reporma sa lupa sa baryo."

Sa Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa (RGRL) nakasaad, " Ang mga dependyente ng mga rebolusyonaryong martir, kadre't Pulang mandirigma ay may prayoridad sa partihan ng lupang ipinapamahagi nang libre. Kung wala silang sapat na lakas-paggawa, titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan na ibibigay sa kanila ng lokal na samahan ng magsasaka ang lahat ng tulong na kailangan para mabungkal ang kanilang lupa."

May kahalintulad din na pribilehiyong ipagkakaloob sa mga kapamilya ng rebolusyonaryong martir na naninirahan sa mga sentrong bayan at lungsod kaugnay sa paninirahan, serbisyong panlipunan at iba pang anyo ng suportang kanilang kinakailangan.

Gayunman, dahil nasa sitwasyong nakikidigma, nangyayaring nagkakaroon ng dislokasyon sa organisasyon ng Partido at Hukbo kung kaya't may mga pangyayaring napuputol ang ugnayan sa kanilang pamilya. Isang hamon sa Partido at Hukbo kung paanong mapanatili ang ugnay at suporta sa mga pamilya ng mga rebolusyonaryong martir sa harap ng tumitinding pasismo ng estado.

Tungkulin ng mga kasapi ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa na dakilain ang mga martir ng rebolusyon at ipalaganap ang kwento at aral ng kanilang kabayanihan. Panatilihin ang mahigpit na ugnayan sa kanilang pamilya at alalayan sila sa mga kahirapang kanilang kinakaharap, kabilang na ang panggigipit ng reaksyunaryong gubyerno sa kanila.

Sa pamamagitan ng pagpupunyagi sa demokratikong rebolusyong bayan ay puspusan nating maigagawad ang kataas-tasang pagpupugay sa kanilang kabayanihan. Sa pagtatagumpay ng digmang bayan, malulubos ang pagpataw ng rebolusyonaryong hustisya na magpapanagot sa mga pasista at taksil sa bayan na sanhi ng kanilang kamatayan.

Hindi masasayang ang buhay na inialay ng mga rebolusyonaryong martir. Ang kanilang pangalan ay nakaukit na sa rebolusyonaryong kasaysayan. Tatamasain ng kanilang mga mahal sa buhay ang tagumpay ng sosyalistang kinabukasan na ipinundar ng pawis at dugo ng mga dakilang anak ng bayan.

**Pulang saludo sa mga bayani ng bayan! Ang kanilang kamatayan ay kabayanihan. Ang kabayanihan nila ay walang kamatayan!**




**PAGPUPUGAY SA MGA BAYANI NG BAYAN!**

PRODUKSYONG MULTIMIDYA NG BHB - GITNANG LUZON